



Inaaprubahan ng Lungsod ng Brampton ang Programa sa Pag-antala ng Pagbabayad sa Buwis para sa 2021

BRAMPTON, ON (Marso 29, 2021) – Sa pagpupulong nito noong Marso 24, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang opsyonal na Programa sa Pag-antala ng Pagbabayad sa Buwis sa Ari-arian (Property Tax Payment Deferral Program) para sa 2021, para suportahan ang mga residente at mga negosyo na nahaharap sa pinansyal na kahirapan mula sa pandemyang COVID-19.

Ang mga kalahok ay pwedeng mag-aplay para iantala ang pagbabayad sa 2021 buwis sa ari-arian hanggang Disyembre 15, 2021. Ang programa ay batay sa aplikasyon lamang at nilalayan na tulungan ang mga may-ari ng mga ari-ariang panresidensya at pangnegosyong na maaaring nangangailangan ng flexibility sa pagbabayad para sa 2021 taon ng buwis lamang. Ang Programa sa Pag-antala ng Pagbabayad sa Buwis sa Ari-arian ay hindi nangangahulugan na ang mga buwis sa ari-arian ay tinanggal para sa 2021.

Nag-iisyu ang Lungsod ng dalawang bill sa buwis bawat taon, ang Pansamantalang Bill sa Buwis (Interim Tax Bill) na inisyu sa Enero at ang Panghuling Bill sa Buwis (Final Tax Bill) sa Hunyo. Para iantala ang Pansamantala o Panghuling 2021 Bill sa Buwis sa Ari-arian, mag-aplay online, bago lumipas ang Abril 15, 2021. Ang mga kalahok na pipiling iantala ang kanilang Pansamantalang Bill sa Buwis ay awtomatiko ring maiantala ang kanilang Panghuling Bill sa Buwis.

Para maging kwalipikado para sa Programa sa Pag-antala ng Pagbabayad sa Buwis sa Ari-arian, ang iyong account sa buwis sa ari-arian ay kailangang walang arrears sa buwis bago ang Marso 2020. Ang mga residente at mga negosyo ay kailangang magbayad din sa mga buwis sa ari-arian nang direktso sa Lungsod ng Brampton at hindi sa pamamagitan ng kumpanya ng mortgage. Kailangang gawin ang aplikasyon ng may-ari ng ari-arian. Hindi maaaring mag-aplay ang mga pinansyal na institusyon para sa pag-antala ng buwis sa ngalan ng may-ari ng ari-arian.

Ang mga Residente at mga Negosyo na kwalipikado para sa Programa sa Pag-antala sa Pagbabayad sa Buwis sa Ari-arian at kasalukuyang naka-enrol sa Pre-Authorized Tax Payment (PTP) Plan ng Lungsod ng Brampton, ay tatanggalin mula sa PTP Plan at kailangang magsumite ng bagong aplikasyon para muling mag-enrol sa PTP Plan bago ang deadline ng 2022 Pansamantalang Bill sa Buwis. Kailangang mabayaran ang lahat ng buwis bago muling mag-enrol para sa PTP Plan.

Para sa mga residente at mga negosyong pumiling sumali sa Programa sa Pag-antala sa Pagbabayad sa Buwis sa Ari-arian, ang pagbabayad sa buwis sa ari-arian ay maaaring gawin anumang oras, at sa anumang bilang ng panahon, sa loob ng taon. Walang magiging multa o mga singil sa tubo basta't mabayaran nang buo ang buwis sa 2021 bago lumipas ang Disyembre 15, 2021.

Pakihayaan ang tatlo hanggang limang araw na may pasok para sa panahon ng pagproseso sa inyong bangko, pinansyal na institusyon para matiyak na natatanggap ng Lungsod ng Brampton ang iyong bayad sa buwis sa hustong panahon. Ilalapat ang mga multa at singil sa tubo para sa mga bayad na natanggap makalipas ang Disyembre 15, 2021. Ilalapat din ang mga multa at singil sa tubo sa mga arrear sa buwis mula 2020, o nakaraang mga taon, hanggang ang account sa buwis ay nabayaran nang buo.



Paano mag-aplay

Mag-aplay bago lumipas ang Abril 15, 2021 gamit ang online form ng aplikasyon sa [website](#) ng Lungsod ng Brampton.

Kung nangangailangan ka ng bersyon na papel ng form ng aplikasyon, pakikontak ang tanggapan ng buwis sa Lungsod ng Brampton. Kapag nakumpleto na ang form, pwede itong ipadala sa Lungsod sa pamamagitan ng fax sa 905-874 2296 o mail sa:

*City of Brampton
Finance Department, Revenue Division
2 Wellington St. W.
Brampton, ON L6Y 4R2*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca